Pangalan: ___________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagbibigay ng Solusyon**

**I. PANUTO: Bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan.**


Cunningchrisw via Wikimedia commons

1. Suriin ang larawan sa kanan. Ano ang nakikita mong suliranin dito?
   - a. Pagkakaroon ng baha
   - b. Ilegal na pagputol sa mga puno
   - c. Maraming polusyon sa kapaligiran.
   - d. May dumaang napakalakas na bagyo.

2. Sa natukoy na suliranin sa larawan sa ikaanim na bilang, ano ang maaaring solusyon upang maiwasan ang ganitong pangyayari?
   - a. Ipaalam ito sa kinauukulan.
   - b. Takutin ang mga taong gumagawa nito.
   - c. Paalisin ang mga namumutol ng mga puno.
   - d. Huwag silang pakialaman sa kanilang ginagawa.

Basahin ang mga sumusunod na maikling talata at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kaugnay nito.

Tuwing Linggo ang araw ng palengke sa Sta. Ines. Malayo kasi sila sa bayan. Halos inaabot sila nang maghapon kung pupunta pa doon. Kaya naman napagdesisyonan ng mga tagaroon na magtayo ng maliit na palengke o talipapa. Napupuno ito ng mga tao tuwing Linggo lamang para mamili ng kanilang pangangailangan. Dinadala nila rito ang kanilang mga paninda tulad ng mga gulay at prutas mula sa sariling ani. Nagkakatay rin sila ng mga baboy at manok. May taga-ibang baryo rin na nagdadala ng mga huling isda at mga lamang-dagat upang ibenta.

3. Ano ang naging suliranin ng mga tao sa Sta. Ines?
   - a. Malayo ang kanilang lugar sa bayan.
   - b. Hindi sila marunong mamalengke.
   - c. Mahirap ang bayan ng Sta. Ines.
   - d. Walang sasakyan na dumaraan sa kanilang lugar.

4. Ano ang naisip na solusyon ng mga mamamayan ng Sta. Ines?
   - a. Nagpagawa sila ng mini grocery.
   - b. Nagpatayo sila ng isang talipapa.
   - c. Bumili sila ng sasakyan para makapunta sa bayan.
   - d. Nagtanim na lamang sila ng mga gulay sa bakuran.

Napansin ni Liza na abala ang kaniyang nanay sa harap ng kompyuter at may ginagawa. Nakalimutan na rin nitong kumain. Nais niya itong lutuan ng instant noodles. Inihanda na niya ang lulutuin. Kaso hindi nga pala siya pinapayagan ng kaniyang nanay na magbukas ng kalan nang walang patnubay ng nakatatanda. Ayaw naman niya itong abalahin sa ginagawa. Pumasok siya sa kuwarto ng kaniyang lola. Humingi ito ng tulong na tingnan siya habang gumagamit ng kalan. Binantayan siya ng kaniyang lola at tinulungan na rin sa pagluluto. Mainit pa ang sabaw nang iabot niya ito sa kaniyang ina. Nakangiti itong nagpasalamat sa kaniya.

5. Ano ang suliranin ng tauhan sa talata?
   - a. Hindi pa kumakain ang kaniyang nanay.
   - b. Hindi niya alam kung paano ang magluto.
   - c. Ayaw siyang tulungan ng kaniyang lola sa pagluluto.
   - d. Hindi siya pinapayagan na gumamit ng kalan nang walang patnubay ng nakatatanda.

6. Paano ito ginawan ng solusyon ng pangunahing tauhan?
   - a. Humingi siya ng tulong sa kaniyang lola.
   - b. Hindi na lamang niya ipinagluto ang ina.
   - c. Niyaya niya ang inang kumain sa labas.
   - d. Bumili na lamang siya ng pagkain sa tindahan.

Mula nang magkaroon ng pandemya ay natigil sa bahay ang mga tao. Marami ang inip na inip dahil hindi nila magawa ang mga nakasanayan nilang gawin. Dahil dito ay humanap sila ng mga paraan para mayroong mapaglilibangan. Marami ang natutong magtanim ng mga halaman bilang libangan. Ang iba naman ay nilibang ang sarili sa panonood ng mga drama. Samantalang ang iba ay idinaan sa paggawa ng maiikling video ang kanilang oras. Mayroon din na ang mga libangan ay pagluluto. Pagkatapos ay itinitinda nila ito online. Ang mga libangang ito ang kanilang mga paraan upang mabawasan ang labis na pagkainip.

7. Ano ang suliranin na tinutukoy sa talata?
   a. Inip na inip ang mga tao sa loob ng bahay.
   b. Magastos kapag nasa loob lamang ng bahay.
   c. Nagkakasakit ang mga tao sa loob ng bahay.
   d. Maraming gawain kapag nasa loob lamang ng bahay.

8. Alin sa mga nasa ibaba ang hindi naging solusyon sa naging suliranin ng mga tao?
   a. Naglalaba
   b. Paggawa ng maiikling video
   c. Nagtatanim ng halaman
   d. Nanonood ng drama

9. Ang mga pangungusap sa kahon ay mga dapat gawin ng isang pamilya. Ano ang suliranin na iyong nakita mula sa mga nabanggit na solusyon?

1. Makinig ng update sa radyo.
2. Ihanda ang flashlight, tubig, at pagkain.
3. Lumikas kapag pinalilikas na ng mga namumuno sa barangay.

   a. Papalapit ang bagyo
   b. May parating na lindol
   c. Naka-quarantine ang buong barangay
   d. May tinamaan ng malubhang sakit sa barangay

10. Ano ang ibig sabihin kapag sinabing ang problema ay bahagi ng buhay?
   a. Walang taong walang problema.
   b. Tayo ang gumagawa ng problema.
   c. Nabubuhay tayo dahil sa mga problema sa buhay.
   d. Kasama ito sa pang-araw-araw nating pamumuhay.